# PAGLUBOG ng ARAW

*Papalubog na ang araw sa kanluran*
*Dilim ay darating, buhay madirimlam*
*Karimla'y palapit, sinag naitago*
*Araw'y palubog, mundo'y mababago.*

*Araw ay kandungan ng mga pangarap,*
*Pananglaw ng buhay, pampawi ng ulap,*
*Sakaling mawala'y buha'y kay lungkot*
*Gabi ay daratal, kakila-kilabot.*

*Kuliglig humuhuni pagsapit ng gabi,*
*Iniwa'y mundong ligaya't pag-asa*
*Araw ay paalis balita ay pahatid*
*Wakas ay sasapit, sa iyo, sa madla.*

*Namamaalam na, araw ng pag-asa*
*Inihabili'y silahis ng sigla*
*Ito na ang gabi, palapit. . .palapit,*
*Lahat ng liwanag naglaho't . . .nawala!*

NENITA RECTO

# Mga TULA

## ALITAPTAP

*Katangi-tangi ka munting alitaptap,*
*Sa lahat ng uri ng mga kulisap*
*Taglay mo'y ilaw na kukuti-kutitap,*
*Tanglaw sa gabing nababalot ng ulap.*

*Sa gabing kay-dilim nag-iisa kang tala,*
*Liwanag mo'y parang bukang-liwayway*
*Sa mga nilikhang kailangan ay patnubay*
*Upang di maligaw sa daang sinusubaybay.*

*Ah! . . . Ilan kaya nati'y kawangis ng alitaptap?*
*May hawak na ilaw sa landas ng buhay*
*At yaong taong narimlan ng kasamaan*
*Sa ningas ng ilaw ay nababanaagan.*

*Anila'y, "huli ma't magaling ay naihahabol din."*
*Kaya ang alitaptap ay tularan natin*
*Ulirang gawa't ugali nati'y magsisilbing ilaw*
*Magbabaga't lalaganap sa sansinukuban.*

V. L. JAYME Ph. B. II

## Damo, Ulan at PAG-IBIG

*Damong luntian noo'y aking napansin,*
*Dilaw at luoy na sa aking paningin;*
*Di ba't kahapon lang nang ako'y aliwin*
*Ng iyong karikta't kagandahang angkin!*

*Puso ko'y kinurot sa aking namasdan,*
*Damdami'y nayanig nitong nasaksihan;*
*Di na maitakwil yaring kapaitan,*
*Ako'y tulad nitong damong napagmasdan.*

*Nasaan na ngayon, ulang nagdidilig,*
*Iniwan ka ba't sukat ayaw nang magbalik?*
*Binigyan ka ng buhay, minahal at inibig.*
*Natiis niya ngayon, ang ikaw'y humibik?*

*Tila yaring puso'y ayaw nang kumibo,*
*Katulad mo'y damong lupaypay na't tuyo;*
*Mula ng iniwan ng ulang kasuyo*
*Pag-asa'y nawala't sa buhay lumayo.*

*Dinadalangin ko hikbi mo'y marinig,*
*Ng ibong sa iyo'y tila nakikinig;*
*Awitin mo ibon ang iyong narinig,*
*Upang damo't ula'y muling magkaniig.*

*Tila umuulan, oo't umuulan,*
*Galak ko ngayo'y walang mapagsidlan;*
*Natutuyong damo'y mahihimasmasan,*
*Muling sisigla kapag madiligan.*

*Kay gandang pagmasdan, ang luntiang paligid,*
*Buhay at pag-asa'y siyang pahiwatig;*
*Ang puso ko noong sa wari ko'y manhid,*
*Binuhay na uli ng iyong pag-ibig.*

MYRNA DE LA PAZ — BSE-III